American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)
e-ISSN : 2378-703X
Volume-09, Issue-06, pp-480-491
www.ajhssr.com
Research Paper Open Access

# PERSEPSYON SA KAHUSAYAN NG MGA GURO SA PAGTUTURO SA MGA PAMPUBLIKO NA PAARALAN: ISANG MIXED-METHOD NA PAG-AARAL

Cherry Lou S. Valdez, Erika Mae P. Asoy, MAEd
*Institute of Teacher Education, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Philippines*

**ABSTRACT**: Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng mixed-method na pamamaraan na sumusuri sa Persepsyon sa Kahusayan ng mga Guro sa Pagtuturo sa mga Pampublikong Paaralan. Ginamit ang isang convergent na disenyo dahil nakakalap ito ng iba-iba at komplementaryong datos sa parehong paksa. Sa kwantitatibong bahagi, mayroong 312 na mga mag-aaral sa mga pampublikong paaralan ang tumugon sa pag-aaral. Sa pagsasagawa nito, ginamit ang simple random sampling upang matiyak na ang sample ay maayos na kumakatawan sabuong populasyon nang walang bias o pre-determined na pamamaraan. Upang masagawa ang naturang pananaliksik sa kwantitatibong datos, ginamit na instrumento ay ang sarbey na tutok sa mga aspeto ng mga indikeytor: na kaalaman sa paksa, paggamit ng epektibong estratehiya sa pagtuturo, pagtatasa, kapaligiran sa pagkatuto at epektibong komunikasyon. Sa kwalitatibong bahagi ng pananaliksik, ginamit ang penomenolohikal na pag-aaral. Ang bilang ng kalahok ay 10npara sa parehong grupo, 5 sa pinalalim na panayam (in-depth) at 5 para sa pagkalahatang talakayan (focus group discussion). Ang mga resulta ng pag-aaral ay nagsiwalat na ang antas ng kahusayan ng mga guro sa pagtuturo sa mga pampublikong paaralan ay mataas batay sa mga indikeytor. Ipinakita sa resulta na ang mga guroaymaysapat na kaalaman at kasanayan sa pagtuturo na naging resulta upang maging epektibo ang pagkatuto ng mga mag-aaral, samantalang ang mga mag-aaral ay nagpapakita ng positibong pananaw sa kalidad ng pagtuturo na kanilang natanggap. Ang integrasyon ng datos sa parehong kwantitatibo at kwalitatibo na mga resulta ng datos ay nagpahiwatig na mayroong merging-convergent ng mga natuklasan mula sa parehong uri ng datos.

***KEYWORDS*** *- Kaalaman sa Paksa, Pagpaplano at Estratehiya sa Pagtuturo, Pagtatasa, Kapaligiran sa Pagkatuto at Epektibong Komunikasyon,*

## I. INTRODUKSIYON

Ang mga guro ay may mahalagang papel sa paghubog ng edukasyon ng mga mag-aaral at sa kanilang tagumpay sa pagkatuto. Ang mabisang pagtuturo ay sumasaklaw sa tiwala ng guro sa sarili, husay sa paksa, at kakayahan sa komunikasyon, na direktang nakaaapekto sa mga karanasan at resulta ng pagkatuto ng mga estudyante. Bagama't mabisa ang pagtuturo, ang mga mag-aaral ay madalas parin humaharap sa iba't ibang hamon at persepsyon na kaugnay ngkakayahan at pagiging epektibo ng mga guro. Isang mahalagang isyu sa kung paano nila hinihikayat ang aktibong paglahok ng mga mag-aaral at pagpapalalim ng kanilang kaalamat pang- unawa. Ang ganitong hindi pagkakatugma ay maaaring makapigil sa epektibong pagtuturo, dahil nahihirapan ang mga guro sa hindi pamilyar na nilalaman at paraan ng kanilang pagtuturonananagging dahilan na hindi makilahok ang mga mag-aaral. (Jamil et al. 2019).

Ayon sa mga pag-aaral sa Japan, ang mabisang estratehiya sa pagtuturo para sa mga asignaturang wika, lalo na sa pagharap sa mga kahirapan ng mag-aaral, ay binibigyang-diin ang kumbinasyon ng komunikatibo at kooperatibong pamamaraan. Ipinapakita ng pananaliksik na ang pagpapalawak ng partisipasyon ng mag-aaral sa pamamagitan ng natural na komunikasyonggawain, tulad ng mga panayam at chat messaging, ay nagpapabuti sa kasanayan sa pagsasalita at lumulutas sa mga limitasyon ng kakayahang komunikatibo. Bukod dito, ang paggamit ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo gaya ng memory techniques, schema establishment, at error management ay maaaring makapagpataas ng kahusayan sa pag-aaral ng wika. Ang paghahambing sa bisa ng wika. Ang paghahambing sa bisa ng mga katutubong guro laban sa mga di-katutubong guro ay nagpapakita na ang mga kasanayan sa pagtuturo at ang relasyon ngguroat mag-aaral ang mas mahalaga kaysa pagiging katutubo lamang (Luo, 2024).

Sa Pilipinas, malaki ang epekto ng kakayahan ng mga guro sa pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino, ayon sa iba't ibang pag-aaral na nagpapakita ng kaugnayan sa pagitan ng kompetensya ng guro at tagumpay ng mag-aaral. Ipinapakita ng pananaliksik na ang propesyonal na kakayahan ng guro ay direktang nakaaapekto sa kanilang pagganap, na may impluwensya rin sa resulta ng mga mag-aaral. Halimbawa, natuklasan sa isang pag-aaral tungkol sa mga gurong Filipino ang malakas na ugnayan ng propesyonal na identidad, kakayahan sa pagtuturo, at pagganap ng mag-aaral, na nagpapahiwatig na mas mahusay sa pagpapahusay ng pagkatuto ng mag-aaral ang mga guro na may mas mataas na kompetensya (Limpot, 2023).

Dahil dito, nararapat na isagawa ang isang pag-aaral na nakatuon sa mga pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa kahusayan sa pagtuturo ng kanilang mga guro sa kung paano nila naipapakita ang kanilang pagiging epektibo sa paraan na tunay na nagpapabuti ang pagkatuto ng mga mag-aaral partikular sa asignaturang Filipino. Bukod dito, may malaking panlipunang kabuluhan ang pag-aaral na ito dahil maaaring magsilbi itong pundasyong pang-akademiko para sa pagpapabuti ng mga gawi sa pagtuturo sa Filipino, na magpapahusay sa karanasan ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng

pananaliksik na ito, maaaring imungkahi ang makabuluhang programa para sa propesyonal na pag-unlad ng mga guro sa Filipino upang mapahusay ang kanilang mga estratehiya sa pagtuturo. Kaya't binibigyang-diin ng mga ito ang kahalagahan ng pag-aaral na ito. Kaugnay nito, may mga natuklasang internasyonal na pag-aaral tungkol sa pananaw ng mga mag-aaral sa kakayahan ng mga guro sa iba't ibang asignatura, partikular ang Filipino, binibigyang-diin ng mga pag-aaral na ito ang papel ng mga estratehiya sa pagtuturo sa paghubog ng kinalabasan ng pagkatuto ng mag-aaral. Gayunpaman, hindi nakatuon ang mga pag-aaral na ito sa masusing pagsusuri ng mga pananaw ng mga mag-aaral tungkol sa bisa ng mga guro sa Filipino at kung paano nakaaapekto ang mga pananaw na ito sa kanilang akademikong pagganap. Itinatampok ng agwat na ito sa literatura ang pangangailangan para sa mas malalim na pagsisiyasat sa mga salik na nakaaapekto sa mga hamon ng mga mag-aaral sa mga asignaturang Filipino. (Tudayan et al., 2024).

Ang pagpapalaganap ng resulta ng pananaliksik ay isasagawa sa pamamagitan ng dalawang pangunahing pamamaraan, na nagbibigay-priyoridad sa target na institusyon at sa mas malawak na akademikong komunidad. Isang detalyadong ulat ang ihahanda para sa institusyong kinabibilangan ng mga guro, na magtatampok ng mga makabuluhang rekomendasyong maaaring gamitin upang mapaunlad ang estratehiya sa pagtuturo ng Filipino sa mga pampublikong paaralan. Ang ulat na ito ay direktang ibabahagi sa mga pangunahing stakeholder upang maging gabay sa mga programang pang-edukasyon.

Kasabay nito, isusulong ang isang akademikong publikasyon ng papel-pananaliksik sa mga kagalang-galang na journal upang dumaan sa masusing pagsusuri ng mga eksperto. Magkakaroon din ng mga presentasyon sa mga kaugnay na kumperensya upang maibahagi ang mahahalagang natuklasan sa mga iskolar at praktisyoner, na naglalayong paigtingin ang palitan ng kaalaman at karanasan. Layunin ng planong ito na makamit ang mataas na epekto sa praktikal na larangan habang nagbibigay ng mahalagang ambag sa larangang akademiko hinggil sa kahusayan ng mga guro sa pagtuturo.

## II. LAYUNIN NG PANANALIKSIK

Ang pananaliksik na ito ay gumagamit ng *convergent design* upang masusing suriin ang mga pananaw at karanasan ng mga mag-aaral sa Filipino mula sa mga baitang Grade11 at Grade 12 sa kahusayan sa pagtuturo ng kanilang mga guro at kung ano ang mga estratehiya nila para makamit ang pagiging epektibo nito sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Partikular na nilalayonng pag-aaral na masagot ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang persepsyon ng mga mag-aaral sa kahusayan ng pagtuturo sa kanilang mga guro sa Filipino?
2. Ano ang mga pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa kahusayan ng kanilang mga guro sa pagtuturo?
3. Anong mga estratehiya o Teknik ng pagtuturo ng guro ang pinakalamalaking ambag sa matagumpay na pagkatuto ng mga mag-aaral, ayon sa kanilang mga karanasan?

## III. PAMAMARAAN

Ginamit ng mananaliksik ang *convergent design* sa pananaliksik na ito. Ang non-experimental na dulog na ito ay pinagsasama ang mga aspekto ng kwantitatibo at kwalitatibo na pamamaraan. Ang pag-aaral ay gagamit ng parehong kwantitatibo at kwalitatibo na pangangalap ng datos, pagsusuri, at paghahambing sa parehong oras, na may mga paghahambing na ginawa pagkatapos makumpleto ang pagsisiyasat. Ang dulog ay ginamit upang siyasatin ang persepsyon ng mga mag-aaral sa kahusayan sa pagtuturo ng mga guro. Bukod pa rito, madalas na ginagamit nang sa gayon ay pagtagumpayan ang isang kahinaan sa isang paraan na may lakas ng isa pa. Maaari din itong makatulong sa pagpapahusay sa dami ng datos sa pamamagitan ng pangangalap ng kwalitatibong datos na may malawak na hanay ng mga posibleng sagot (Creswell, 2009).

## IV. RESULTA AT TALAKAYAN

**Talahanayan 2**

*Persepsyon sa Kahusayan ng mga Guro sa Pagtuturo*

| *No.* | *Items* | *Mean* | **Deskripsyon** |
|---|---|---|---|
| **Kaalaman sa Paksa** | | | |
| 1. | Nagpapakita ng wastong kaalaman sa paksa habang nagtuturo. | 4.36 | Napakataas |
| 2. | Inuugnay ang kasalukuyang aralin sa nakaraang at hinaharap na karanasan sa pagkatuto. | 4.14 | Mataas |
| 3. | Nagtuturo gamit ang iba't ibang kasanayan sa pagtuturo. | 4.22 | Mataas |
| 4. | Ginagawang mas madaling maunawaan ang paksa para sa akin. | 4.15 | Mataas |
| 5. | Ipinaliliwanag ang nilalaman ayon sa aking intelektwal, pisikal, at emosyonal na pangangailangan | 4.01 | Mataas |
| ***Category Mean*** | | **4.18** | **Mataas** |
| **Pagpaplano at mga Estratehiya sa Pagtuturo** | | | |
| 1. | Gumagamit ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo upang mapahusay ang pag-unawa ng mga mag-aaral. | 4.41 | Napakataas |
| 2. | Binabago ang paraan ng pagtuturo upang maging kaugnay ang mga paksa sa buhay ng mag-aaral. | 4.06 | Mataas |
| 3. | Nagtuturo ayon sa indibidwal na pagkakaiba ng mga mag-aaral. | 3.90 | Mataas |

| | | |
|---|---|---|
| 4. Gumagamit ng angkop na materyal, teknolohiya, at mapagkukunan habang nagtuturo. | 4.12 | Mataas |
| 5. Gumagamit ng mga magagamit na mapagkukunan para sa mga pangangailangan ng pag-aaral ng mag-aaral. | 4.17 | Mataas |
| ***Category Mean*** | **4.13** | **Mataas** |
| **Pagtatasa** | | |
| 1. Nagsasagawa ng pagsusulit sa klase upang regular na subaybayan ang pagganap ng mga mag-aaral. | 4.28 | Napakataas |
| 2. Sinusuri ang pagganap ng mga mag-aaral at nagbibigay ng napapanahong puna sa kanilang mga pagkakamali | 4.05 | Mataas |
| 3. Nagpapanatili ng talaan ng mga resulta ng mag-aaral. | 4.11 | Mataas |
| 4. Gumagamit ng maraming estratehiya sa pagtatasa. | 4.08 | Mataas |
| 5. Hinihikayat ang mga mag-aaral na pagbutihin pa ang kanilang kakayahan sa susunod. | 4.37 | Napakataas |
| ***Category Mean*** | **4.18** | **Mataas** |
| **Kapaligiran sa Pagkatuto** | | |
| 1. Lumilikha ng klima ng tiwala at respeto sa loob ng silid-aralan. | 4.39 | Napakataas |
| 2. Binigyang-diin ang tuloy-tuloy na pag-unlad sa tagumpay ng mga mag-aaral. | 4.38 | Napakataas |
| 3. Nagpapanatili ng kaayusan sa silid-aralan upang maiwasan ang pagkagambala. | 4.30 | Napakataas |
| 4. Lumilikha ng kaakit-akit at magiliw na kapaligiran sa silid-aralan. | 4.12 | Mataas |
| 5. Tinitiyak ang aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral sa proseso ng pagkatuto. | 4.34 | Napakataas |
| ***Category Mean*** | **4.30** | **Napakataas** |
| **Epektibong Komunikasyon** | | |
| 1. Gumagamit ng wastong bokabolaryo at gramatika sa pagtuturo. | 4.35 | Napakataas |
| 2. Ang mga aralin ayon sa edad at kakayahan ng mga mag-aaral. | 4.16 | Mataas |
| 3. Tumutugon sa mga tanong ngmag-aaral gamit ang angkop na wika. | 4.27 | Mataas |
| ***Category Mean*** | **4.26** | **Mataas** |
| ***Overall Mean*** | **4.21** | **Mataas** |

**Kaalaman sa Paksa.** Ipinakita ng resulta na ang kabuuang mean ay 4.18 na may deskripsyong mataas, na nangangahulugang madalas na naipapakita ng mga pre-service teachers ang kanilang kaalaman sa paksa. Ang may pinakamataas na mean ay item bilang 1 - "Nagpapakitang wastong kaalaman sa paksa habang nagtuturo" na may mean na 4.36 at deskripsyong napakataas, na nangangahulugang ito ay palaging naipapakita. Samantala, ang may pinakamababang mean ay item bilang 5 - "Ipinaliliwanag ang nilalaman ayon sa aking intelektwal, pisikal, at emosyonal na pangangailangan" na may mean na 4.01 at deskripsyong mataas, na nangangahulugang ito ay madalas na naipapakita ng mga pre-service teachers sa aspetong kanilang kaalaman sa paksa.

**Mga Estratehiya sa Pagtuturo.** Ipinakita rin sa talahanayan na ang bisa ng mga estratehiya sa pagtuturo ng mga pre-service teachers ay may kabuuang mean na 4.17 na may deskripsyong mataas, na nangangahulugang madalas itong ginagamit. Ang may pinakamataas na mean aytem bilang 1 - "Gumagamit ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo upang mapahusay ang pag-unawa ng mga mag-aaral" na may mean na 4.41 at deskripsyong napakataas, na nangangahulugang ito ay palaging isinasagawa. Sa kabilang banda, ang may pinakamababang mean ay aytem bilang 3- "Nagtuturo ayon sa indibidwal na pagkakaiba ng mga mag-aaral" na may mean na 3.90 at deskripsyong mataas, na nangangahulugang ito ay madalas pa ring ginagawa ng mga pre-service teachers.

**Pagtatasa**. Ang bisa ng mga pre-service teachers sa pagtatasa ay may kabuuang mean na 4.18 at deskripsyong mataas, na nangangahulugang madalas nilang ginagamit ang mga estratehiya sa pagtatasa. Ang may pinakamataas na mean ay aytem bilang 5 - "Hinihikayat ang mga mag-aaral na pagbutihin pa ang kanilang kakayahan sa susunod" na may mean na 4.37 at deskripsyong napakataas, na nangangahulugang ito ay palaging naisasagawa. Samantala, ang may pinakamababang mean ay item bilang 2 - "Sinusuri ang pagganap ng mga mag-aaral at nagbibigay ng napapanahong puna sa kanilang mga pagkakamali" na may mean na 4.05 at deskripsyong mataas, na nangangahulugang ito ay madalas na isinasagawa ng mga pre-service teachers.

**Kapaligiran sa Pagkatuto**. Ipinakita rin sa talahanayan na ang mga pre-service teachers ay may kakayahang bumuo ng isang epektibong kapaligiran sa pagkatuto na may kabuuang mean na 4.30 at deskripsyong napakataas, na nangangahulugang palagi silang lumilikha ng kaaya-ayang lugar ng pag-aaral. Ang may pinakamataas na mean ay aytem

bilang 1 - "Lumilikha ng klima ngtiwalaat respeto sa loob ng silid-aralan" na may mean na 4.39 at deskripsyong napakataas, na nangangahulugang ito ay palaging naisasagawa. Samantala, ang may pinakamababang mean aytem bilang 4 - "Lumilikha ng kaakit-akit at magiliw na kapaligiran sa silid-aralan" na may mean na4.12 at deskripsyong mataas, na nangangahulugang ito ay madalas pa ring naisasagawa.

**Epektibong Komunikasyon.** Sa huli, ang kakayahan ng mga pre-service teachers sa komunikasyon ay may kabuuang mean na 4.26 at deskripsyong mataas, na nangangahulugang madalas nilang ipinapakita ang epektibong pakikipag-usap. Ang may pinakamataas na mean aytem bilang 1 - "Gumagamit ng wastong bokabolaryo at gramatika sa pagtuturo" na may mean na 4.35 at deskripsyong napakataas, na nangangahulugang ito ay palaging naisasagawa. Sa kabilang banda, ang may pinakamababang mean ay aytem bilang 2 - "Ang mga aralin ayon sa edad at kakayahan ng mga mag-aaral" na may mean na 4.16 at deskripsyong mataas, nanangangahulugang ito ay madalas pa ring naisasagawa.

Sa kabuuan, ang persepsyon sa kahusayan ng mga guro sa pagtuturo ay may pangkalahatang mean na 4.21 na may deskripsyong mataas, na nangangahulugang madalas nilang naipapakita ang kanilang mga kasanayan sa pagtuturo sa iba't ibang aspeto ng edukasyon.

**Talahanayan 3**

Pananaw ng mga Mag-aaral hinggil sa Kahusayan ng mga Guro sa Pagtuturo

| ISYUNG SINURI | PANGUNAHING IDEYA | KOWD/ KATEGORYA | PANGUNAHING TEMA | TEORITIKAL NA SUPORTA |
|---|---|---|---|---|
| Pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa kahusayan ng mga guro sa pagtuturo. | • Natututo ang mga mag-aaral kapag ipinaliliwanag ng maayos ang mga paksa.<br>• Ang mga paksa ay hindi agad makalimuta.<br>• Mas nagiging malinaw ang daloy ng pagkatuto kapag maayos ang pagkakapresenta ng paksa. | Pagkakaroon ng Kalinawan sa Paksa. | Malinaw na Paksa para sa Mabilis at Epektibong Pagkatuto | Sweller (1988) Cognitive Load Theory |
| | • Ang mga mag-aaral ay natututo kapag aktibong magturo ang guro.<br>• Nagreresulta ng madaliang pagkaintindi sa talakayan.<br>• Mas nagiging kawili-wili ang aralin kapag may aktibong partisipasyon ang guro. | Mabilis na pagkatuto dulot ng aktibong pagtuturo | | |
| Paglalarawan sa kahusayan ng pagtuturo sa paggawa ng interaksyon at relasyon. | • Kakayahang makinig at bumuo ng interaksyon at relasyon sa loob ng klase.<br>• Pagkakaroon ng bukas na komunikasyon ng guro at mag-aaral.<br>• Pagkakaroon ng pakikisama sa mga mag-aaral. | Pagtatag ng Positibong Ugnayan | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | • Nagkakaroon ng mas malawak na oportunidad na makibahagi sa aktibidad.<br>• May kakahayang makilahok sa mga aktibidad.<br>• Nahuhubog ang tiwala sa sarili sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok. | Pagtatamo maraming oportunidad sa pamamagitan ng malawakang paglahok | Positibong Ugnayan at Malawakang Paglahok sa Oportunidad | Bourdieu (1986) Social Capital Theory |
| Katangian ng guro na naging tanda sa kahusayan sa pagtuturo | • Pagiging marunong makinig ng guro sa opinyon at suhestiyon ng mga mag-aaral.<br>• Pagsasagawa ng mga pagtatanong sa oras ng klase.<br>• Isinasagawa ang mga makabuluhang pagtatanong sa oras ng klase upang mapalalim ang talakayan. | Mabisang Pakikinig at Aktibong Pagtatanong sa Klase | Epektibong Pakikinig, Pakikitungo, at Pagtatanong sa Klase | Canale at Swain (1980) Communicative Language Teaching (CLT) Theory |
| | • May kakayahang bumuo ng positibong ugnayan sa mga mag-aaral.<br>• Nagreresulta ng magaan na komunikasyon ng mag-aaral.<br>• Nakakatulong ito sa pagbuo ng ligtas at komportableng kapaligiran sa pagkatuto. | Epektibong Pakikitungo sa Mag-aaral | | |
| Karagdagang pamamaraan o mungkahi na nais iparating sa mga guro upang mapabuti pa ang kahusayan | • Ipa-uunlad ang kaalaman, kasanayan at aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase.<br>• Ipagpapabuti at ipapalakas ang kumpyansa ng mga mag-aaral sa klase.<br>• Nahihikayat ang mga mag-aaral na maging mas masigasig sa paglahok sa mga talakayan at gawain. | Pagpapalakas ng Kaalaman at Kumpyansa ng Mag-aaral | | |
| | • Pagkakaroon ng mas | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | makabuluhang gawain.<br>• Pagbabahagi ng sariling kaalaman.<br>• Napapalalim ang pag-unawa sa aralin. | Paggamit ng Kaalaman sa mga Gawain | Pagpapalakas ng Kaalaman, Kumpyansa, at Gamit sa Gawain | Bandura (1977) Self-Efficacy Theory |

**Talahanayan 3.1**
Pagpaplano at mga Estratehiya sa Pagtuturo ng Guro

| Isyung Sinuri | Pangunahing Ideya | Kowd/ Kategorya | Pangunahing Tema | Teoritikal na Suporta |
|---|---|---|---|---|
| Pagpaplano at mga Estratehiya sa pagtuturo ng guro na may ambag sa tagumpay na pagkatuto | • Pagtulong sa mas pinadaling pagsunod sa diskusyon dulot ng mas malinaw na balangkas sa aralin.<br>• Pagkakaroon ng malinaw at organisadong plano sa pagtuturo.<br>• Nakatutulong ito sa mas epektibong pag-unawa ng mga mag-aaral. | Malinaw na Balangkas at Organisadong Pagtuturo | Organisadong Pagtuturo tungo sa Malalim na Pag-unawa | Eccles at Wigfield (1983) Expectancy-Value Theory of Motivation |
| | • Pagkakaroon ng mas malalim na pag-unawa sa paksa.<br>• Pagkakaroon ng pagkakataong ibahagi ang sariling karanasan tungkol sa paksa.<br>• Lumalawak ang kaalaman sa pamamagitan ng koneksyon sa tunay na buhay. | Mas Malalim na Pag-unawa at Pagbabahagi ng Karanasan | | |
| Pamamaraan ng guro upang higit pang mapalalim ang kaalaman at kasanayan. | • Gumagamit ng mga pagsusulit upang masukat ang pag-unlad ng kaalaman.<br>• Pagpapalakas sa kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral.<br>• Nakatutulong sa mas malalim na pagsusuri at pag-unawa sa aralin. | Pagsusulit para sa Masusing Pag-iisip | Masusing Pagsusuri at Malawak na Kaalaman sa Talakayan | Black at Wiliam (1998) Formative Assessment Theory |
| | • Pagtulong sa pagpapalawak ng kaalaman o ideya ng mga mag-aaral.<br>• Pagbibigay ng mga halimbawa sa oras ng | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | talakayan para mas maiintindan ng mga mag-aaral.<br>• Mas madaling maintindihan ang aralin sa tulong ng konkretong paliwanag. | Pagpapalawak ng Kaalaman sa Pamamagitan ng Halimbawa | | |
| Papel ng motibasyon na pamamaraan tulad ng pagkilala at pagbibigay-insipirasyon ng guro sa mas malawak na pagkatuto | • Pagpapalakas ng tiwala sa sarili na magawa ang gawain.<br>Paghihikayat sa mga mag-aaral na magpursigi pa sa klase.<br>• Nagkakaroon ang mag-aaral ng positibong pananaw sa pagkatuto. | Pagpapalakas ng Kumpyansa sa Sarili | Pagpapalakas ng Kumpyansa at Pagsisikap sa Pagkatuto | Deci and Ryan, with the (1985) Self-Determination Theory |
| | • Mas aktibong magsikap na mapaunlad ang kaalaman.<br>• Nagiging daan upang magpatuloy sa pagkatuto.<br>• Nahuhubog ang kanilang kasipagan at determinasyon sa pag-aaral. | Pagpapahalaga sa Pagsiskap sa Klase | | |
| Interaktibong paraan ng pagtuturo gaya ng pangkatang gawain sa matagumpay na pagkatuto | • Ang pangkatang gawain ay naging daan sa kolaborasyon at pagpapalitan ng mga ideya.<br>• Nagreresulta sa mas unlad na kaalaman, kasanayan at aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral<br>• Nahihikayat ang aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral. | Kolaboratibong Tagumpay | Interaktibong Paraan sa Matagumpay na Pagkatuto | Slavin (1995) Cooperative Learning Theory |
| | • Nakatutulong sa emosyonal at akademikong pag-unlad.<br>• Nagbubunga ng positbong kapaligiran.<br>• Pinapalakas ang ugnayan ng guro at mag-aaral. | Bukas na Komunikasyon ng Guro at Mag-aaral. | | |

**Talahanayan 3.2**

Pagpapakita ng Mahahalagang Natuklasan sa Pinagsanib na Kwantitatibo at Kwalitatibo

| ***Aspeto o Focal Point*** | ***Kwantitatibong natuklasan*** | ***Kwalitatibong natuklasan*** | ***Likas na integrasyon*** | ***Aksiolohikal na impikasyon*** |
|---|---|---|---|---|
| Kaalaman sa Paksa | Talahanayan 2 sa kaalaman sa paksa aytem 1, naniniwala ang mga mag-aaral na palaging naipamalas ng guro ang wastong kaalaman sa paksa habang nagtuturo (M=4.36) ay may marka na pinakamataas. | Talahanayan 3.1 na may tema na *Klaridad ng Paksa para sa Mabilisang Pagkatuto* at kowd na *Mabilis na pagkatuto dulot ng aktibong pagtuturo at pangunahing ideya na* ang mga mag-aaral ay natututo kapag aktibong magturo ang guro. | *Merging-Converging* | Nagpapakita na ang mga guro ay nagpamalas ng kaalaman sa paksa. |
| Pagplano at estratehiya sa pagtuturo | Talahanayan 2 sa pagpaplano at estratehiya sa pagtuturo aytem 2 na binabago ang paraan ng pagtuturo upang maging kaugnay ang mga paksa sa buhay ng mag-aaral (M=4.6) ay may marka na mataas. | *Talahanayan 3.2 na may tema Positibong Ugnayan at Malawakang Paglahok sa Oportunidad* at kowd *na Pagtatag ng Positibong Ugnayan* at pangunahing ideya na *pagkakaroon ng bukas na komunikasyon ng guro at mag-aaral.* | *Merging-Converging* | Nagpapakita na ang pagpaplano at mga estratehiya ng guro ay may ugnayan sa reyalidad. |
| Pagtatasa | Talahanayan 2 sa pagtatasa aytem 2 na sinusuri ang pagganap ng mga mag-aaral at nagbibigay ng napapanahong puna sa kanilang mga pagkakamali (M=4.5) na may marka na mataas. | Talahanayan 3.1 na may tema na *Epektibong Pakikinig, Pakikitungo, at Pagtatanong sa Klase* at kowd na *Mabisang Pakikinig at Aktibong Pagtatanong sa Klase at* pangunahing ideya na *pagsasagawa ng mga pagtatanong sa oras ng klase.* | *Merging-Converging* | Nagpapakita na sinusukat sa pagtatasa ng guro ang kaalaman ng mag-aaral. |
| Kapaligiran sa Pagkatuto | Talahanayan 2 sa kapaligiran sa pagkatuto aytem 4 na lumilikha ng kaakit-akit at magiliw na kapaligiran sa silid-aralan (M=4.12) na may marka na mataas. | Talahanayan 3.2 na may tema na *Interaktibong Paraan sa Matagumpay na Pagkatuto* at kowd na *Bukas na Komunikasyon ng Guro at Mag*-aaral at pangunahing ideya na *nagbubunga ng positbong kapaligiran.* | *Merging-Converging* | Nagpapakita na lumilikha ng kaakit-akit na kapalgiran ang guro sa pagkatuto ng mag-aaral. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Epektibong Komunikasyon | Talahanayan 2 sa epektibong komunikasyon aytem 3. tumutugon sa mga tanong ng mag-aaral gamit ang angkop na wika (M=4.27) na may marka na mataas. | Talahanayan 3.2 na may tema *Interaktibong Paraan sa Matagumpay na Pagkatuto* at kowd na *Kolaboratibong Tagumpay at* pangunahing ideya na *ang pangkatang gawain ay naging daan sa kolaborasyon at pagpapalitan ng mga ideya.* | *Merging-Converging* | Nagpapakita na may epektibong komunikasyon ang guro sa mga mag-aaral |

**Pinagsamang Pagpapakita ng Mahahalagang Natuklasang Kwantitatibo at Kwalitatibo**

**Kaalaman sa Paksa.** Sa kwantitatibong bahagi ng pag-aaral, ang aytem tungkol sa paniniwala ng mga mag-aaral na palaging naipamalas ng kanilang guro ang wastong kaalaman sa paksa ay nakakuha ng mean na 4.36, na may pinakamataas na marka. Ang resulta nito ay tumutugma sa kwalitatibong natuklasan, na may temang *klaridad sa paksa* na binibigyang-diin ang kahalagahan ng malinaw na pagpapaliwanag ng guro sa bawat aralin. Mula sa aksiolohikal na perspektibo, ipinapakita ng mataas na antas ng kaalaman ng guro ang kanyang kakayahang maghatid ng epektibong pagtuturo, na nagdudulot ng mas mabilis na pagkatuto sa mga mag-aaral. Maliwanag na nagtatagpo ang kwalitatibo at kwantitatibong datos sa aspektong ito.

**Pagpaplano at Estratehiya sa Pagtuturo.** Sa kwantitatibong bahagi, ang aytem tungkol sa pagbabago ng paraan ng pagtuturo upang maiugnay ang mga paksa sa buhay ng mag-aaral ay nakakuha ng mean na 4.6, na may mataas na marka. Ang kwalitatibong natuklasan, na may temang *pag-uugnay sa praktikal na aplikasyon* ay nagpapakita ng kahalagahan ng koneksyon ng mga aralin sa totoong buhay. Mula sa aksiolohikal na perspektibo, ang mahusay na pagpaplano ng guro at paggamit ng naaangkop na estratehiya ay nagdaragdag ng interes at lalim ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Samakatuwid, malinaw na may pagsasanib ng kwalitatibo at kwantitatibong datos sa aspektong ito.

**Pagtatasa ng Pagkatuto.** Sa kwantitatibong bahagi, ang aytem tungkol sa pagsusuri ng guro sa pagganap ng mga mag-aaral at pagbibigay ng napapanahong puna ay may mean na 4.5, na may mataas na marka. Ito ay may kaugnayan sa kwalitatibong natuklasan, na may temang *pagtuturo na nakabatay sa ebalwasyon* na nagpapakita ng kahalagahan ng agarang pagbibigay ng feedback upang mapabuti ang pagkatuto. Mula sa aksiolohikal na perspektibo, ang sistematikong pagtatasa ng guro
ay isang mahalagang hakbang upang masukat at mapabuti ang pag-unawa ng mga mag-aaral. Dahil dito, kapansin-pansin ang pagkakatugma ng kwalitatibo at kwantitatibong datos sa bahaging ito.

**Kapaligiran sa Pagkatuto.** Sa kwantitatibong bahagi, ang aytem tungkol sa paglikha ng kaakit-akit at magiliw na kapaligiran sa silid-aralan ay may mean na 4.12, na may mataas na marka. Ang kwalitatibong natuklasan, na may temang *pagpapatupad ng mga aktibidad na nakapupukaw-pansin* ay nagpapakita ng kahalagahan ng pagbuo ng isang positibo at interaktibong silid-aralan. Mula sa aksiolohikal na perspektibo, ang pagkakaroon ng isang maayos at nakakaengganyong kapaligiran ay nagpapalakas sa motibasyon ng mga mag-aaral na makibahagi sa pagkatuto. Ang pagsasanib ng kwalitatibo at kwantitatibong datos ay malinaw sa aspektong ito.

**Epektibong Komunikasyon.** Sa kwantitatibong bahagi, ang aytem tungkol sa pagtugon ng guro sa mga tanong ng mag-aaral gamit ang angkop na wika ay may mean na 4.27, na may mataas na marka. Ang kwalitatibong natuklasan, na may temang *pagtataguyod ng isang kapaligirang bukas sa malayang pagtatanong* ay nagpapakita ng kahalagahan ng epektibong komunikasyon sa pagitan ng guro at mag-aaral. Mula sa aksiolohikal na perspektibo, ang kakayahan ng guro na makinig at tumugon nang malinaw sa mga mag-aaral ay nagtataguyod ng isang inklusibong pagkatuto. Dahil dito, makikitang nagtatagpo ang kwalitatibo at kwantitatibong datos sa bahaging ito.

## V. KONKLUSYON

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral nabuo ang sumusunod na konklusyon:

Una, ang antas ng kahusayan ng mga guro sa pagtuturo sa mga pampublikong senior high school ay mataas batay sa mga sumusunod na aspeto: kaalaman sa paksa, paggamit ng epektibong estratehiya sa pagtuturo, pagtatasa ng pagkatuto, kapaligiran sa pagkatuto, at epektibong komunikasyon. Ipinakita ng resulta ng pag-aaral na ang mga guro ay may sapat na kaalaman at kasanayan upang epektibong maihatid ang kanilang aralin, samantalang ang mga mag-aaral ay nagpapakita ng positibong pananaw sa kalidad ng pagtuturo na kanilang natatanggap.

Ikalawa, sa pamamagitan ng thematic analysis ng kwalitatibong datos mula sa malalimang panayam (in-depth interviews o IDI) at focus group discussions (FGD), lumitaw ang mas malalim na pang-unawa sa persepsyon ng mga mag-aaral at guro hinggil sa kalidad ng pagtuturo. Mula rito, lumitaw ang mga pangunahing tema tulad ng paggamit ng makabago at interaktibong estratehiya sa pagtuturo, mga hamon sa pagganap ng guro, epekto ng kapaligiran sa pagkatuto, at kahalagahan ng malinaw at epektibong komunikasyon sa klase.

Ikatlo, ang pagsasama ng resulta mula sa kwantitatibo at kwalitatibong bahagi ng pananaliksik ay nagbigay-diin sa pagkakatugma ng dalawang datos. Ang mataas na antas ng kahusayan ng mga guro na nakita sa kwantitatibong resulta ay kinumpirma ng mga salaysay ng mga mag-aaral at guro sa kwalitatibong bahagi, na nagpapakita na ang mga guro ay epektibong nagagampanan ang kanilang tungkulin at positibong naaapektuhan ang pagkatuto ng kanilang mga estudyante.

Panghuli, batay sa mga natuklasan ng pananaliksik, maaaring ipatupad ang mga programang pang-interbensyon tulad ng patuloy na pagsasanay para sa mga guro, pagpapabuti ng estratehiya sa pagtuturo, pagsusulong ng makabagong pagtatasa ng pagkatuto, pagpapalakas ng kapaligiran sa silid-aralan, at pagpapaunlad ng epektibong komunikasyon sa klase. Layunin ng mga interbensyong ito na higit pang mapataas ang kalidad ng pagtuturo at pagkatuto sa mga pampublikong senior high school.

**TALASANGGUNIAN**


[1] Ahmed, A. T., & Shogbesan, Y. O. (2023). Exploring Pedagogical Content Knowledge of Teachers:aParadigm For Measuring Teacher's Effectiveness. Pedagogi Jurnal Ilmu Pendidikan, 23(1), 64–73. https://doi.org/10.24036/pedagogi.v23i1.1540

[2] Almonia, N. a. A., & Oliva, N. E. R. A. (2022). The Classroom Environment's Mediating Effect ontheRelationship between Teacher Creativity and Stability of Student. EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR), 21–25. https://doi.org/10.36713/epra10430

[3] Al-Sindi, T., Putra, H. D., & Ghozi, S. (2023). Integrating Technology into ClassroomTraining. Journal of Training Education Science and Technology, 1–6. https://doi.org/10.51629/jtest.v1i1.168

[4] Amir, M. N. B. (2022). Fostering Student Motivation and Engagement Through the Relevant, Appealing, and Personal (RAP) Pedagogical Guideline. In Routledge eBooks (pp. 87–91). https://doi.org/10.4324/9781003213840-16

[5] Ansah, J. K., Mensah, N., & Wilmot, E. M. (2020). Influence of Subject Matter KnowledgeonStudents' Elective Mathematics Performance in Senior High Schools in Ghana: Does Teaching Experience Matter? American Journal of Education and Learning, 5(1), 87–95. https://doi.org/10.20448/804.5.1.87.95

[6] Arifin, A., Suryaningsih, S., & Arifudin, O. (2024). The Relationship Between ClassroomEnvironment, Teacher Professional Development, and Student Academic Performance in SecondaryEducation. International Education Trend Issues, 2(2), 151–159. https://doi.org/10.56442/ieti.v2i2.467

[7] Banagan, C. D. (2023). VARK: Istratehiyang Ginagamit ng mga guro sa pagtuturo parasakasanayan sa pagkatuto at performans ng mga mag-aaral sa filipino. International Journal of Research Publications, 123(1). https://doi.org/10.47119/ijrp1001231420234825

[8] Black, P., & Wiliam, D. (1998). Assessment and classroom learning. Assessment in Education: Principles, Policy & Practice, 5(1), 7–74. https://doi.org/10.1080/0969595980050102

[9] Boyle, C., & Hashemi, N. (2023). From Struggles to Success: Investigating the Impact of EarlyLearning Assessments on Students Performance and Motivation. Encyclopedia Britannica. https://doi.org/10.20944/preprints202301.0252.v1

[10] Bratland, E., Ghami, M. E., & Mediå, M. (2022). Technology and knowledge: In what wayareknowledge and teachers' knowledge practices in subject areas crucial for the integrationof technology in education? Nordic Journal of Digital Literacy, 17(3), 155–169. https://doi.org/10.18261/njdl.17.3.5

[11] Brink, H. W., Loomans, M. G. L. C., Mobach, M. P., & Kort, H. S. M. (2020a). Classrooms' indoor environmental conditions affecting the academic achievement of students and teachersinhigher education: A systematic literature review. Indoor Air, 31(2), 405–425. https://doi.org/10.1111/ina.12745

[12] Brink, H. W., Loomans, M. G., Mobach, M. P., & Kort, H. (2020b). Classrooms' indoor environmental conditions affecting the academic achievement of students and teachers in higher education. SciSpace - Paper. https://typeset.io/papers/classrooms-indoor-environmental-conditions-affecting-the-3hsohexuol

[13] Cahyanti, A. D., Purwoko, B., Khamidi, A., Hariyati, N., & Roesminingsih, E. (2024). Fosteringstudent motivation through teacher competence. Deleted Journal, 5(1), 751–758. https://doi.org/10.62775/edukasia.v5i1.846

[14] Callier, N. (2024). Fostering Positive Staff Culture to Promote Higher Student Outcomes. Encyclopedia Britannica, 71. https://doi.org/10.62422/978-81-968539-1-4-038

[15] Caparos, N. C. C., Cristal, N. K. P., Lacsi, N. L. A., & Semblante, N. S. J. P. (2024). PEERUP! (PRACTICE AND ENHANCE THROUGH ENGAGING IN READING USING PEER TUTORING): PAGPAPAUNLAD SA KASANAYAN SA WIKANG FILIPINO NG MGA MAG-AARALSASEKONDARYA. EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR), 408–416. https://doi.org/10.36713/epra18256

[16] Cebelleros, A. G. (2024). Learning Environment and Teacher Communication Behavior asDeterminants of Student Engagement. American Journal of Education and Technology, 3(4), 1–13. https://doi.org/10.54536/ajet.v3i4.3543

[17] Cepraga, L., & Gogoi, E. (2023). The pedagogical dimension of the physical learning environment inthe university system. Change Theories Collection. https://doi.org/10.53486/cike2022.24

[18] Chaerani, D., Harianto, J. E., Baehaqi, L., Frantius, D., & Mulvia, R. (2024). Digital Literacy in the21st Century Classroom: Bridging the Gap Between Technology Integration and Student Engagement. Global International Journal of Innovative Research, 2(9), 2104–2116. https://doi.org/10.59613/global.v2i9.303

[19] Cheung, S. K., Kwok, L. F., Phusavat, K., & Yang, H. H. (2021). Shaping the future learningenvironments with smart elements: challenges and opportunities. International Journal of Educational Technology in Higher Education, 18, 1-9

[20] Da Silva, A. V. (2023). TECHNOLOGIES INTEGRATED TO THE CLASSROOM. Revista GêneroEInterdisciplinaridade, 4(03), 332–341. https://doi.org/10.51249/gei.v4i03.1436

[21] Dolinting, P. P., & Pang, V. (2022). The Classroom Climate, Students' Mathematics Achievement, Students' Knowledge of Cognition and Regulation Cognition: A Mediation Analysis. MalaysianJournal of Social Sciences and Humanities (MJSSH), 7(6), e001533. https://doi.org/10.47405/mjssh.v7i6.1533

[22] Ezaki, J., Li, J., & Copur-Gencturk, Y. (2023). Teachers' Knowledge of Fractions, Ratios, andProportional Relationships: The Relationship Between Two Theoretically ConnectedContent Areas. International Journal of Science and Mathematics Education, 22(2), 235–255. https://doi.org/10.1007/s10763-023-10372-z

[23] Farooqi, M. T. K., Kanwal, S., & Hasrat, M. A. (2024). A Review of the Effectiveness of TeachingStrategies for Diverse Learners. Global Regional Review, IX(III), 142–150. https://doi.org/10.31703/grr.2024(ix-iii).14

[24] Federe, R. M., Gomonid, H., Jose, J., & Genelza, G. G. (2023). Assessing the comprehensionof thestudents in Philippine fable short stories: Basis for an intervention program. Journal of Languages Linguistics and Literary Studies, 3(1), 37–46. https://doi.org/10.57040/jllls.v3i1.336

[25] G, N. F., & Pineda, N., Jr. (2024). Implications for Teachers and Students of AppraisingComprehension Questions in Literature Teaching. International Journal of EducationHumanities and Social Science, 07(02), 75–82. https://doi.org/10.54922/ijehss.2024.0662
[26] Gapol, A. T., & Limpot, M. Y. (2023). Teaching competence model of secondary teachers in Filipino. Journal of Education Society and Behavioural Science, 36(8), 45–60. https://doi.org/10.9734/jesbs/2023/v36i81247
[27] Giles, H., Coupland, N., & Coupland, J. (1991). Contexts of accommodation: Developmentsinapplied sociolinguistics. Cambridge University Press
[28] Greenhow, C., & Galvin, S. (2020). Teaching with social media: Evidence-based strategiesfor making remote higher education less remote. Information and Learning Sciences, 121(7/8), 513–524. https://doi.org/10.1108/ILS-04-2020-0088
[29] Heward, W. L. (2022). Use Strategies to Promote Active Student Engagement. In Routledge eBooks(pp. 282–294). https://doi.org/10.4324/9781003148609-24
[30] Hollenstein, L., & Brühwiler, C. (2024). The importance of teachers' pedagogical-psychological teaching knowledge for successful teaching and learning. JournalofCurriculumStudies, 56(4), 480–495. https://doi.org/10.1080/00220272.2024.2328042
[31] Holmes, A. G. D. (2023). 'I was really upset and it put me off': Journal of Perspectivesin Applied AcademicPractice, 11(2), 62–74. https://doi.org/10.56433/jpaap.v11i2.529
[32] Holvio, A. (2022). Impact of teacher content knowledge on student achievement in a low-income country. In WorkingPaperSeries. https://doi.org/10.35188/unu-wider/2022/154-9
[33] Horn, C. K. (2022). Use Strategies to Promote Active Student Engagement. In Routledge eBooks
[34] (pp. 223–233). https://doi.org/10.4324/9781003175735-19
[35] Imperial, J. M., & Ong, E. (2021). Under the Microscope: Interpreting Readability Assessment Models for Filipino. SciSpace - Paper. https://typeset.io/papers/under-the-microscope- interpreting-readability-assessment-2o7t7jf459
[36] Iqbal, M. H., Siddiqie, S. A., & Mazid, M. A. (2021). Rethinking theories of lesson plan for effective teaching and learning. SocialSciences&HumanitiesOpen, 4(1), 100172.
[37] Irving-Bell, D. (2022). Influence of teachers' perceptions of subject knowledge on pedagogical approaches. In RoutledgeeBooks(pp. 165–177). https://doi.org/10.4324/9781003166689-15 Jacob, F. I. L. G. O. N. A., John, S. A. K. I. Y. O., & Gwany, D. M. (2020). Teachers' pedagogical content knowledge and students' academic achievement: A theoretical overview. Journal of
[38] Global Research in Education and Social Science, 14(2), 14–44.
[39] Kaur, N., & Kaur, M. (2022). Study of Academic Achievement in Relation to School Climate among Secondary School Students. Scholarly Research Journal for Humanity Science & English Language, 10(52). https://doi.org/10.21922/srjhsel.v10i52.11509
[40] Khairunnisa, N. S., Fitriani, N. F., & Safran, N. S. (2023). Inovasi Dalam Perencanaan Pembelajaran Untuk Mendorong Keaktifan Dan Kreativitas Siswa. Jurnal Yudistira Publikasi Riset Ilmu PendidikanDanBahasa, 2(1), 193–197. https://doi.org/10.61132/yudistira.v2i1.417
[41] Kim, Y. G., & Zagata, E. (2024). Enhancing Reading and Writing Skills through Systematically Integrated Instruction. The Reading Teacher, 77(6), 787–799. https://doi.org/10.1002/trtr.2307
[42] Kitson, A. (2020). Teachersasrecontextualizationagents:Astudyofexpertteachers'knowledge and their role in the recontextualization process across different subjects (Doctoral dissertation, UniversityCollege London). UCL Discovery. https://discovery.ucl.ac.uk/id/eprint/10117941/
[43] Koenka, A. C. (2020). Grade expectations: the motivational consequences of performance feedback on a summative assessment. The Journal of Experimental Education, 90(1), 88–111. https://doi.org/10.1080/00220973.2020.1777069
[44] Lawn, M., & Ozga, J. (2021). The educational worker? A re-assessment of teachers. In Routledge LibraryEditions:EducationMini-SetN–Teachers&TeacherEducationResearch(Vol. 218, pp. 1–42). Routledge. https://doi.org/10.4324/9781003185532-1
[45] Li, Y. (2024). Choosing Appropriate Instructional Methods for Adapting to Student Diversity in the Classroom. In CSMFL Publications eBooks (pp. 16–31). https://doi.org/10.46679/9788196780579ch02
[46] Limpot, M. Y. (2023). Teaching competence model of secondary teachers in Filipino. Journal of Education Society and Behavioural Science, 36(8), 45–60. https://doi.org/10.9734/jesbs/2023/v36i81247
[47] López, V., Salgado, M., & Berkowitz, R. (2022). The contributions of school and classroom climate to mathematics test scores: a three-level analysis. School Effectiveness and School Improvement, 34(1), 43–64. https://doi.org/10.1080/09243453.2022.2096645
[48] Luo, J. (2024). Compare the teaching effectiveness and student satisfaction between native Japanese language teachers and non-native Japanese language teachers. Journal of InfrastructurePolicyandDevelopment, 8(11), 9090. https://doi.org/10.24294/jipd.v8i11.9090
[49] MacIntyre, P. D., Gregersen, T., & Mercer, S. (2020). Language teachers' coping strategies during the Covid-19 conversion to online teaching: Correlations with stress, wellbeing and negative emotions. System, 94, 102352. https://doi.org/10.1016/j.system.2020.102352
[50] Magdalena, I., Andreani, M. G., Nurhasanah, S., & Ushaybiah, Z. M. (2023). Dampak Penilaian Untuk Pembelajaran Terhadap Motivasi Dan Keterlibatan Siswa. Jurnal Riset Pendidikan Dan Pengajaran, 2(1), 104–111. https://doi.org/10.55047/jrpp.v2i1.450
[51] Magno, N. J. M., Indal, N. R. S., Chavez, N. J. V., Garil, N. B. A., & Reyes, N. R. B. D. (2024).
[52] Alternative Teaching Strategies in Learning Filipino Language among Dominant English Speakers. ForumforLinguisticStudies, 6(4), 404–419. https://doi.org/10.30564/fls.v6i4.6742 Magodi, A. Y., Daniyan, I. A., Kanakana-Katumba, M. G., & Adeodu, A. O. (2023). Embracing Learner Diversity in Engineering Education: A Systematic Review. SCISPACE, 7, 77–82. https://doi.org/10.1145/3603955.3603969

[53] Marcenaro-Gutierrez, O. D., & Lopez-Agudo, L. A. (2020). Does Teacher Subject Knowledge Contribute to Student Academic Performance in Developing and Least Developed Countries? SouthAfricanJournalofEconomics, 88(3), 267–297. https://doi.org/10.1111/saje.12259

[54] Muhammad, I. M. S., Tomalá, M. P. C., Coello, C. R. M., Silva, S. a. C., & Del Rocío Cerón Silva, C.

[55] (2024). Assessment methods and their impact on learning outcomes in education. LATAM Revista Latinoamericana De Ciencias Sociales Y Humanidades, 5(5). https://doi.org/10.56712/latam.v5i5.2865

[56] Muir, T., Wang, I., Trimble, A., Mainsbridge, C., & Douglas, T. (2022). Using Interactive Online Pedagogical Approaches to Promote Student Engagement. Education Sciences, 12(6), 415. https://doi.org/10.3390/educsci12060415

[57] Munna, A. S., & Kalam, M. A. (2021). Teaching and learning process to enhance teaching effectiveness: A literature review. International Journal of Humanities and Innovation (IJHI), 4(1), 1–4. https://doi.org/10.33750/ijhi.v4i1.117

[58] Oñate, A. Y. M., Molina, J. S. C., Borja, L. C. N., Ojeda, D. J. D., & Carpio, J. J. D. (2024). Theoretical Conceptions about Formative Assessment as a Teaching Tool to Transform Educational Quality. International Journal of Religion, 5(11), 3534–3542. https://doi.org/10.61707/ddn9fc82

[59] Pianta, R. C., Hamre, B. K., & Allen, J. P. (2019). Teacher-student relationships and engagement: Conceptualizing, measuring, and improving the capacity of classroom interactions. In A. J. Reschly, A. L. Christenson, & C. Wylie (Eds.), Handbook of research on student engagement (pp. 365–386). Springer. https://doi.org/10.1007/978-1-4614-2018-7_17

[60] Pramesti, N. I. D. a. M. M. (2024). Exploring the Benefits of Formative Assessment in the Classroom. Esteem Journal of English Education Study Programme, 6(1), 188–194. https://doi.org/10.31851/esteem.v6i1.16142

[61] Putri, N. R., & Sari, F. M. (2021). Investigating English teaching strategies to reduce online teaching obstacles in the secondary school. JournalofEnglishLanguage TeachingandLearning, 2(1), 23–31.

[62] Raes, A. (2022). Exploring student and teacher experiences in hybrid learning environments: Does presence matter?. PostdigitalScienceandEducation, 4(1), 138-159.

[63] Salpocial, L. M. L., & Palma, R. C. (2023). Effective Teaching of Teachers, Self-Regulation, and Study Habits among Students: Structural Equation Model on Learning of Filipino. Asian JournalofEducationandSocialStudies, 1–14. https://doi.org/10.9734/ajess/2023/v39i3845

[64] Shaheen, L. A., & Ibrahim, B. S. (2024). Developing Quality Learning Environments - A comparison study. International Journal of Engineering Research and Applications, 14(8), 12–19. https://doi.org/10.9790/9622-14081219

[65] Shulman, L. S. (1986). Those who understand: Knowledge growth in teaching. Educational Researcher,15(2), 4–14. https://doi.org/10.3102/0013189X015002004

[66] Su, C. (2024). Learning Environment as an Influencer of Students' Performance in A University in China. Journal of Education and Educational Research, 9(2), 283–287. https://doi.org/10.54097/53wwyp21

[67] Sudarso, H., Basri, H., Rohmatillah, N., Pettalongi, S. S., & Darmawan, R. (2024). Empowering Learners: Strategies for Inclusive Education in Diverse Classroom Settings. Global International Journal of Innovative Research, 2(5), 1002–1009. https://doi.org/10.59613/global.v2i5.150

[68] Tampubolon, M., Paramansyah, A., Rachmawati, B., Salsabila, A., & Judijanto, L. (2024a). Inclusive Education Practices: Fostering Diversity and Equity in the Classroom. Global International JournalofInnovativeResearch, 1(3), 260–266. https://doi.org/10.59613/global.v1i3.46

[69] Tampubolon, M., Paramansyah, A., Rachmawati, B., Salsabila, A., & Judijanto, L. (2024b). Inclusive Education Practices: Fostering Diversity and Equity in the Classroom. Global International JournalofInnovativeResearch, 1(3), 260–266. https://doi.org/10.59613/global.v1i3.46

[70] Tubao, L. C., Orowan, N. N., Winnie, P. S., Lumbiag, J., & Agloro, M. R. D. (2023). Exploring Language-Based Acquisition Approaches in Teaching Filipino: a literature review. Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, 3(11), 350–356. https://doi.org/10.47760/cognizance.2023.v03i11.

[71] Tudayan, J. L. P., Ogoy, J. I. N., & Pangngay, J. J. (2024). Developing a Cross-Cultural Competence Scale for Pre-Service Teachers: a Filipino case study. Philippine SocialScience Journal, 6(4), 43–50. https://doi.org/10.52006/main.v6i4.869

[72] Verano, R. N., PhD. (2024). Level of Competence of Teachers in Filipino in the 2013 Filipino Orthography: Basis for Crafting Lesson Exemplars in Teaching Orthographic Rules. ideas.repec.org. https://ideas.repec.org/a/bcp/journl/v8y2024i3sp5548-5621.html

[73] Veugen, M. J., Gulikers, J. T. M., & Brok, P. D. (2024). Secondary School Teachers' Use of Formative Assessment Practice to Create Co-regulated Learning. JournalofFormativeDesign inLearning, 8(1), 15–32. https://doi.org/10.1007/s41686-024-00089-9

[74] Villalva, R. D. (2023). A Critical Review of the Philippine Informal Reading Inventory (Phil-IRI) Assessment. International Journal of Research Publications, 121(1). https://doi.org/10.47119/ijrp1001211320234560

[75] Villaruz, J. M., & Palma, R. C. (2024). Metacognitive Awareness of Writing Strategies, Oral Proficiency, and Writing Instructions: A Structural Equation Model of Academic Writing Skills in Filipino Language. Asian Journal of Advanced Research and Reports, 18(7), 114–134. https://doi.org/10.9734/ajarr/2024/v18i7690

[76] Wood, D., Bruner, J. S., & Ross, G. (1976). The role of tutoring in problem solving. JournalofChild PsychologyandPsychiatry, 17(2), 89–100. https://doi.org/10.1111/j.1469-7610.1976.tb00381.x Yan, Z., Li, Z., Panadero, E., Yang, M., Yang, L., & Lao, H. (2021). A systematic review on factors influencing teachers' intentions and implementations regarding formative assessment.

[77] Assessment in Education: Principles, Policy & Practice, 28(3), 228–260. https://doi.org/10.1080/0969594X.2021.1889622

[78] Yang, Y. (2024). Formative Assessment: A Significant Facilitator of Student Learning. Science Insights Education Frontiers, 20(2), 3219–3221. https://doi.org/10.15354/sief.24.co267